# Modyul 10
# Pagsusuri sa akda batay sa Teoryang Eksistensyalismo



## TUNGKOL SAAN ANG MODYUL NA ITO?

Isang magandang araw sa iyo. Kumusta ka na? Heto na naman ako ang iyong kaibigan. Marami na ba akong naitulong sa iyo? Marahil sanay na sanay ka na sa paggamit ng mga modyul. Tiyak na malaki na ang iniunlad mo hindi lamang sa pagsusuri ng mga akdang iyong binabasa kundi pati pagpili ng mga tamang pagpapahalaga. Hindi lamang iyan, alam kong pati kasanayan mo sa pagsulat ay nalinang na rin. Sana'y maipagpatuloy mo ito.

Isang kakaibang nobela ang iyong babasahin sa modyul na ito. Bagamat bahagi lamang ito ng nobelang Asyanong, "Mabuhay Ka Anak Ko" ni Pin Yathay. Ito ay isinalin sa Filipino ng isang batikan ding manunulat si Ruth Elynia Mabanglo. Ang akda ay tungkol sa pagkakadawit ng bansang Cambodia sa digmaan sa Vietnam. Kakaibang senaryo ang iyong makikita sa paglalarawan ng may-akda. Tiyak na marami kang matututunang mga dagdag kaalaman tungkol sa bansang Cambodia. Magandang subaybayan kung paano haharapin ng pangunahing tauhang si Pin Yathay ang digmaang naganap sa kanilang bansa. Sa mga ganitong pagkakataon masusubukan ang tunay na pagkatao ng isang nilalang tulad ni Pin Yathay.

Makatutulong sa iyo ang modyul na ito sa pagtatamo ng mapanuring pag-iisip sa pamamagitan ng kritikal na pagbabasa at pag-unawa ng panitikang Asyanong nakasalin sa Filipino. Alam kong maninibago ka sa akdang iyong babasahin dahil medyo mahaba ito ngunit ang kapakinabangan ay para rin sa iyo. Mahalagang unawain mo ang bawat detalye sa akda. Kakailanganin mo ang mga ito sa iyong pagsagot sa mga gawain. Makatutulong din sa iyo ang mga dati mong kaalaman.


O, ano kaibigan naliwanagan ka na ba? Huwag kang mag-alala, pinadali ko lamang ang mga gawain at tiyak na makakaya mong sagutin.

Good luck!



## ANO ANG MATUTUTUNAN MO?

Nailalapat ang mga batayang kaalaman at kasanayan sa mapanuring pagbasa sa iba't ibang genre ng panitikan



## *PAANO MO GAGAMITIN ANG MODYUL NA ITO?*

Malaki ang maitutulong sa iyo ng modyul na ito. Higit na magiging maayos at kapaki-pakinabang ang iyong pag-aaral kung susundin mo ang mga panuto o tuntunin sa paggamit nito. Ito'y sadyang inihanda para sa madali mong pagkatuto.

1. Sagutin mo nang maayos ang panimulang pagsusulit sa bahaging "Ano ba ang Alam Mo?" Susukatin nito ang kaalaman mo tungkol sa aralin.

2. Iwasto mo ang iyong mga sagot. Hingiin mo ito sa iyong guro. Kung marami kang mali, huwag kang mag-alala.

3. Basahin at pag-aralan mong mabuti ang mga akda. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawain. Mababasa mo kung paano ito gagawain.

4. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit. Kunin mong muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

5. Tulad ng nasabi ko, kaibigan mo ang modyul na ito. Huwag mong sulatan at ingatang huwag masira.

## *ANO BA ANG ALAM MO?*

A. Panuto: Piliin mo sa ibaba ang titik ng tamang sagot na tumutugon sa bisang inihatid ng mga salita sa pangungusap.

1. Nakarinig ako ng pagsabog. Sa gawing kanan ko, sa may kantong malapit sa aming bahay, isang balumbon ng usok ang lumabas. Ilang minuto pa'y dumating ang mga ambulansya at bumbero, nagtunugan ang mga kampana.
2. Popular ang aming pinunong si Prinsipe Sihanouk, tila walang kahirap-hirap na umunlad ang bansa at waring napakalayo ng digmaan sa Vietnam. Wala ring usap-usapan tungkol sa pakikisangkot ng Amerika sa Southeast Asia.
3. Bumalik ako sa Cambodia nang 1965, sa isang bagong buhay. Nagtrabaho ako sa Ministry of Public Works at nagpakasal sa una kong asawa si Thary.
    a. nagbibigay-kabatiran sa pinuno ng bansa
    b. nagbibigay-babala sa mga pangyayari
    c. naglalarawan ng kapaligiran o senaryo ng isang digmaan
    d. nagpapakilala sa tauhan o ilang kaalaman sa kanya

B. Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

4. Nagtangay din ako ng ilang bagay na magagamit ko sa propesyon, mga librong teknikal ukol sa irigasyon at pabai-baitang ng lupa, isang diksyunaryong French-English at mga bolpen at papel. Para sa akin ang pangunahing tauhan ay lubhang
    a. mapagmalaki
    b. mayabang
    c. kahanga-hanga
    d. lubhang kakaiba
5. Naniniwala akong babalik din sa dati ang lahat, gaya ng nakilala kong Cambodia bago magkaroon ng digmaang bayan. Naipakita dito, para sa akin na ang tauhan ay
    a. pesimistik
    b. optimistik
    c. impresyonistik
    d. patalistik
6. Ako ay sumapi na rin sa oposisyon kay Lon Nol. Nagtatag ako ng organisasyong tinawag naming Bees Club; isang propesyonal ng magkaparehong kaisipan. Naniniwala akong ang tauhang si Pin Yathay ay
    a. aktibo sa iba't ibang samahan
    b. kahanga-hanga ang katalinuhan
    c. isang modelong mamamayan
    d. may pakikisangkot sa nangyayari sa pamahalaan

7.-8. Piliin ang mga titik ng tamang sagot na tumutukoy sa pagiging makapangyarihan ng tauhan batay sa kilos o paninindigan.
    a. Ibig naming magkaroon ng isang pamahalaan na may pambansang pakikiisa at kung posible, isang koalisyong pamahalaan kasama ang Khmer Rouge
    b. Hinintay ko ang pagtatapos mg digmaan at umasang magkakaroon ako ng bahagi sa pagkabuo ng bagong Cambodia
    c. Tinangka kong tawagan ang mga biyenan ko at si Anyung sa bahay.
    d. Ginising ako ng ingay ng digmaan, ng sipol at ugong ng mga tingga.

9.-10. Tunay na mahirap masangkot ang bansa sa isang digmaan sapagkat dito masusubok ang
    a. katalinuhang taglay ng tao
    b. personalidad ng tao
    c. saloobin/paninindigan ng tao
    d. kapangyarihan ng tao

# *Aralin I: MABUHAY KA ANAK KO*

## A. ANU- ANO ANG MGA TIYAK NA MATUTUNAN MO?

Matapos mong basahin ang akda, inaasahang matatamo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Nasasabi ang bisa ng ginawang pamimili ng salita sa pagbubuo ng akda
2. Nailalapat ang pansariling interpretasyon sa akda batay sa paniniwalang pinanindigan

3. Napipili ang mga bahagi ng akdang nagpapakita ng pagiging makapangyarihan ng tao batay sa kanyang kilos, paniniwala o paninindigan
4. Napatutunayang mahalaga ang tibay ng loob at tamang pagpapasya sa oras ng digmaan
5. Nakabubuo ng mga tema/konseptong hinango sa akda

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

### 1. Alamin mo…

Panuto: Punan mo ang patlang ng tamang mga titik upang makabuo ang salita batay sa tinutukoy ng bawat bilang sa ibaba.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. | D | ___ | ___ | o | | | | | |
| 2. | I | ___ | a | b | ___ | y | | | |
| 3. | G | ___ | y | ___ | ___ | a | | | |
| 4. | M | ___ | p | ___ | m | ___ | i | l | |
| 5. | A | ___ | a | n | ___ | e | | | |
| 6. | A | ___ | r | ___ | s | | | | |
| 7. | N | ___ | p | ___ | t | i | ___ | m | ___ |

1. dumadanak kapag may labanan
2. pagpapaalis sa mga kaaway
3. pagkakagulo, pagsabog, labanan
4. mapang-alipin
5. paglusob ng magkabilang kampo
6. ginagawa kapag natatalo sa labanan
7. isang maling sistema ng mag-kakaanak sa pamahalaan

Nahirapan ka ba? Gumana bang mabuti ang iyong isipan? Talagang ganoon. Kailangang pag-iisipan mo itong mabuti sapagkat ito ang panimulang hakbang sa iyong pagkatuto. Hindi na baleng may mga mali ka. Ang mahalaga ay malaman mo kung bakit ka nagkamali, hindi ba?

### 2. Basahin Mo…

Isang kakaibang akda ang iyong babasahin. Ito ay isang bahagi ng nobelang Asyanong mula sa Cambodia na isinalin sa Filipino. Marami ka ring dagdag-kaalamang matututuhan sapagkat tungkol ito sa pagkakadawit ng bansang Cambodia sa digmaan sa Vietnam. Alamin mo kung paano ito haharapin ng ating pangunahing tauhang si Pin Yathay.

Ang pagbabasa mo ng akdang ito ay maging panimula sanang hakbang upang makahiligan mo ang pagbabasa ng mga nobela. Magandang libangan ito. Subukan mo!

Handa ka na ba?

**Mabuhay Ka Anak Ko**
**ni Pin Yathay**
**Salin ni Ruth Elynia Mabanglo**

Ginising ako ng ingay ng digmaan, sipol at ugong ng mga tingga. Habang nakahiga'y namalayan ko ang iba pang ingay; ngalngal ng mga kotseng nagliligid, ingit ng mga karetang hila ng baka, mga manaka-nakang sigaw. Tiningnan ko ang aking relo. Alas singko ng umaga. Bumangon ako, dumungaw sa bintana at minasdan ang paligid nang buong pagtataka. Ang kalye ay bumabaha sa tao at sasakyang mabagal na naglalakbay sa maputlang liwanag ng bukang liwayway. Waring lumuwas na sa bayan ang buong bansa. Abril 17, 1975 noon, napagtanto kong patapos na ang digmaang-bayan.

"Thay, dear?"Gising na si Any, tahimik na nakahiga sa dilim. Siguro'y pinanonood niya ako, naghihintay ng reaksiyon ko.

"Dali ka, Any." Hindi ako nakaramdam ng takot, bagkus ay tensiyon na pinatitindi ng kaalamang oras na para kumilos. Kailangang kumilos kami agad para maiwasan ang labanan. "Katapusan na ito. Ilang sandali na lang at darating na ang Khmer Rouge."

Naintindihan agad ni Any ang sinabi ko. Mabilis siyang tumayo't nagbihis; maliksi ngunit malamyos ang kanyang kilos at sa isang wagwag ng kanyang ulo'y naiayos ang buhok niyang hanggang balikat. "Anon'ng mangyayari?"tanong niya.

"Huwag kang mag-alala." Sabi kong nagmamadaling pumunta sa sala para kunin ang mga gamit namin. "Mahihirapan tayo sa umpisa, pero magiging normal din ang lahat." Nagising sa boses namin ang mga bata. Nagsimulang maghabulan ang dalawang nakatatanda – ang siyam-na-taong si Sudath at si Nawath na limang taon – sa loob ng dalawang kuwartong apartment na bumubuo ng lugar namin sa bahay ng aking biyenan. "Kailangang mabihisan muna ang mga bata at pumunta na tayo agad sa bayan bago makarating dito ang sundalo."

"Nawath!" tawag ni Any. Narinig ni Nawath ang tawag dahil nakikipagbuno ito kay Sudath sa kama. "Nawath, lalapit ka pag tinatawag ka! Muling tawag ni Any na lalong nilakasan ang boses. Kung minsa'y iniisip kong medyo mabagsik sa mga bata, pero talagang malilikot ang dalawa kaya kailangang higpitan nang kaunti. Nahagip niya ang papatakbong si Nawath at binihisan, hindi iniintindi ang pag-angal nito. Naghihikab na bumangon ang beybi pang si Staud, at saka inaantok na nagpalinga-linga. "Sige na, Sudath," sabi ko sa panganay na lalaki. "Magbihis ka na. Hindi mo ba nakikitang nagmamadali tayo?

Hindi naman mahirap balutin ang kakaunting kailangan namin. Isang linggo na naming alam, mula nang mag-alisan ang mga Amerikano noong Abril 12, na halos tapos na ang limang taong lumalaganap na labanan sa pagitan ng mga rebeldeng Khmer Rouge ng Cambodia at ng gobyernong Republikano ni Marshal Lon Nol. Hinihintay na lang namin kung saan magmumula at kailan darating ang Khmer Rouge. Dalawang araw bago ito, nagbanta na ang ingay ng papalapit na giyera para maghanap na kami ng pansamantalang malilipatan sakaling tamaan ng bala. Pinuntahan ko ang aking mga magulang at nakipagkasundong magkita-kita ang buong pamilya sa bahay ng pinsan kong si Oan na nakatira sa malapit sa bayan, sakaling lumubha ang sitwasyon. Pinuno na namin ng gasolina ang lahat ng kotse. Wala na kaming dapat gawin ngayon kundi mag-empake ng dalawang maletang

damit, kasama ang mga alahas ni Any, ang mga naipon namin at ang aking mga dolyar – tatlong libong lahat na puro tig-iisang daan. Dinala ko ang isang maliit na radyo para makarinig ng mga balita – at isang cassette recorder na may kasamang reserbang baterya. Nagtangay din ako ng ilang bagay na magagamit ko sa propesyon – mga librong teknikal ukol sa irigasyon at pagbabai-baitang ng lupa, isang diksiyunaryong French-English, at mga bolpen at papel.

Sipa ng sipa si Nawath habang pilit siyang sinasapatusan ni Any. Nang mga sandali ring iyon, pumasok si Anyung na nakatatandang kapatid na babae ni Any. Sinabi nitong handa na sa pag-alis ang kanilang mga magulang. Habang binibihisan ni Anyung si Staud ng t-shirt at shorts, nagbalot naman si Any ng mga biskwit at kendi para sa mga bata. Siniyasat ko ang aking dadalhin – mga libro, relo, pera, mga papeles na mapagkikilanlan, radyo – at minsan ko pang tiningnan ang paligid, iniisip kong mas mabuti kaya kung pinaalis ko ng bansa ang aking pamilya. Hindi, katulad ng lahat, ayokong-ayoko sa bulok na rehimen ni Lon Nol. Wala akong dapat ikatakot sa Khmer Rouge.

Inapura ko ang aking pamilya para sumama na sa mga magulang ni Any na noo'y sakay na ng kanilang Austin. Ikinarga ko ang mga bagahe namin sa aking Fiat, habang isinisigaw ang mga habilin sa kabila ng kaguluhan sa siyudad – ratatat ng machine gun, pagsabog ng mga bomba sa malayo, at patuloy na andar ng mga sasakyan.

Ang kalyeng iyon, na isa sa maluluwag na lansangan sa Phnom Penh ay isang agos ng mga tao, kotse, bisikleta, trak, motorsiklo, at ilang karetang puno ng tao at kagamitan, nag-uunahan sa maputlang liwanag ng madaling-araw. Ang ilang pamilya'y naglalakad; inaakay ng mga ama ang mga bisikletang puno ng mga kagamitang pambahay, may kilik namang bata ang mga ina. Kitang-kitang balisa ang lahat, malungkot ang mga mukha, ngunit kakatwang tahimik. Waring hindi natural ang pagkapasensiyoso ng mga nagmamaneho ng kotse, sumasabay sa lakad ng mga tao nang hindi man lang bumubusina, isang bagay na hindi nangyayari noong nagsisikip ang trapik sa Phnom Penh, ilang araw pa lang ang nakararaan. Mayroon pang ilang grupo ng mga sundalo ng bumagsak na Republika ang naglalakad nang tatlu-tatlo o apat-apat, nakasakbat sa balikat ang mga ripple, walang takot na nagbibiruan pa, natutuwang tapos na ang giyera.

May isandaang yarda na ang nalalakad namin, mga taong parang duming lumulutang sa ilog, nang makarinig ng isang pagsabog. Sa gawing kanan ko, sa may kantong malapit sa aming bahay, isang balumbon ng usok ang lumabas. Ilang minuto pa'y dumating ang mga ambulansiya at bumbero, nagtunugan ang mga kampana at nagkikindatan ang mga ilaw. Humarang sila sa aming daraanan at wala kaming nagawa kundi tumigil muna.

Sa kabila ng pagmamadali ng mga taong nakapalibot sa amin, sa kabila ng kalapit ng labanan, nadama kong malayo kami sa panganib. Kahit tapos na ang maraming taon ng digmaang-bayan at sa kabila ng mga babala ng aking ama ukol sa kalikasan ng Khmer Rouge, naniniwala akong babalik din sa dati ang lahat, gaya ng nakilala kong Cambodia bago nagkaroon ng digmaang bayan.

Buhat ako sa Oudong, isang nayong may dalawampu't limang milya ang layo sa hilaga ng Phnom Penh. Doon namuhay ang ama kong si Chhor bilang isang maliit na negosyante. Hindi siya mayaman – tatlo lamang ang kuwarto ng bahay naming, may bubong na pulang tisa at sahig na matigas na lupa – ngunit mataas ang pangarap niya at ng aking inang si Loan para sa akin, ang panganay sa limang magkakapatid. Ipinadala nila ako sa Phnom Penh para magkaroon ng magandang

edukasyon sa haiskul. Magaling akong estudyante. At nang ako'y edad disisiete, ako ang pinakamahusay sa matematika sa buong bansa.

Hindi ko iniisip ang pulitika noon. Maituturing na karurukan ng katatagan ang mga taon ng aking kabataan kung ikukumpara sa mga sumunod na panahon. Walang kinikilingan ang Cambodia, popular ang aming pinunong si Prinsipe Sihanouk, tila walang kahirap-hirap na umuunlad ang bansa, at waring napakalayo ng digmaan sa Vietnam. Wala ring usap-usapan tungkol sa pakikisangkot ng Amerika sa Southeast Asia.

Bilang isang matalinong estudyante, naging karapat-dapat akong iskolar ng gobyerno sa ibang bansa. Nakaugalian nang papag-aralin sa France ang estudyanteng Cambodian, ngunit naging sentro ng oposisyon laban kay Sihanouk ang France, kaya sa Montreal ako ipinadala kasama ng iba. Doon ako nag-aral ng inhenyeriya.

Bumalik ako sa Cambodia noong 1965, sa isang bagong buhay. Nagtrabaho ako sa Ministry of Public Works, at nagpakasal sa una kong asawa, si Thary. Tulad nang karaniwang nangyayari sa mga bagong kasal, tumira kami sa bahay ng mga magulang ni Thary. Malaking bahay iyon dahil isang mayamang opisyal sa Ministry of Finance ang kanyang amang si Mr. Khem. Ipinanganak ang panganay naming si Sudath noong 1967. Mukhang patungo na kami noon sa isang magandang kinabukasan.

Gayunman, kung babalikan ko ang nakaraan, mangilan-ngilan nang palatandaan ng kawalang-kasiyahan sa paligid. Itinuring ni Sihanouk ang sarili bilang ama ng bansa. Hindi nagtagal at umugong ang usapan tungkol sa nepotismo at kabulukan. Sumabay dito ang lumulubhang digmaan sa Vietnam. Dahil masigasig si Sihanouk na panatilihin ang magandang pakikipag-ugnayan sa kanyang makapangyarihang kapitbahay, lihim siyang nakipagkasundo na magagamit ng mga North Vietnamese ang malalayong lugar sa silangang bahagi ng Cambodia sa paghahatid ng mga sundalo at armas sa Southeast Vietnam. Naging dahilan ito ng pagtuligsa ng Estados Unidos. Nalagay sa alanganin ang tradisyunal na niyutralidad ng Cambodia.

Bilang reaksiyon sa mga pangyayaring ito, sinuportahan ng mga di-nasisiyahang Cambodian ang maliit na grupo ng mga rebeldeng Khmer Rouge na ang karamiha'y pinangungunahan ng mga intelektuwal na nag-aral sa France.

Hindi ito gaanong nakaapekto sa aming buhay. Ako mismo'y maraming problemang pansarili. Dumating sa buhay ko ang isang trahedya noong 1969. Habang hinihintay namin ang pagsilang ng aming pangalawang anak, nagkasakit ng hepatitis si Thary na noo'y beinte kuatro anyos lang. Hindi na siya gumaling. Namatay sila kapwa ng aming anak nang manganak siya. Isang taon ko siyang ipinagluksa, Umasa na lamang ako sa dalawang nakababatang kapatid ni Thary si Anyung, beinte uno, at lalo na kay Anu, disinuebe, sa pag-aalaga kay Sudath habang ako'y nasa trabaho.

Nang lumaon, at parang iyon na ang pinakanatural na mangyayari, umibig ako kay Any. Maganda siyang babae, maitim ang buhok na hanggang balikat at balingkinitan ang katawan. Sa edad na beinte, naging kaligayahan na niyang balikatin ang trabahong-bahay at minamahal niya si Sudath na parang sariling anak. Nagpakasal kami. Noong 1971, ipinanganak ang aming anak na lalaki, si Nawath. At noong 1973, si Staud naman.

Noong unang taon ng dekada sitenta, nataas ako ng puwesto at posisyong director ng Department of New Works and Equipment sa ministry. Ang posisyong ito ang nagbigay sa akin at sa aking pamilya ng proteksiyon laban sa kahirapang pampulitika at pangkabuhayan na bunga ng lumalaganap na digmaang-bayan. Walang nalalaman si Any kundi ang aking mga paniniwalang pampulitika. Sa aking palagay, masyado kaming kampante, tulad ng iba pang kilala ko.

Naging kapansin-pansin na ang pagkawala ng niyutralidad nang panahong ito dahil sa naging patakaran ng Sihanouk na bigyang kasiyahan ang lahat. Dumarami ang mga North Vietnamese sa bansa – humigit-kumulang sa apatnapung libo – kaya ipinag-utos ni Presidente Nixon na bombahin ang mga ito, isang lihim na ekstensiyon ng digmaang sa huli'y makakasira sa kanya at sa amin. Taliwas sa inaasahan ang naging epekto ng mga pagsalakay – lalo nitong inakit ang pagpasok ng mga komunista sa Cambodia.

Noong 1970, pinabagsak ni Lon Nol, na Punong Ministro at pinuno ng armi si Sihanouk. Nangako itong lilinisin ang kabulukan at palalayasin ang mga Vietnamese. Tumakas si Sihanouk patungong Peking, at ang nakapagtataka, nagpahayag siya ng suporta sa mga gerilyang Khmer Rouge na dati niyang kalaban. Tinawag niyang tagapagpalaya ang mga rebelde na karamiha'y binubuo ng mga magsasaka, at hindi na niya binigyang halaga ang ideolohiyang komunista ng mga ito.

Sa simula'y malaki ang pag-asa namin kay Lon Nol. Ngunit sa pagdaraan ng panahon, naging malinaw na hindi niya kayang gampanan ang tungkuling ipinataw niya sa sarili. Inatake siya at naparalisado ang kalahati ng kanyang katawan. Nagpatulo'y sa kabulukan at pagwawalambahala ang administrasyon at sandatahang lakas. Nabigo ang arming sugpuin ang alinman sa mga North Vietnamese at Khmer Rouge sa kabila ng tulong ng Estados Unidos. Walang nakinabang kundi Khmer Rouge na tinangkilik ng mga Intsik. Bumagsak ang bansa sa isang panglahatang digmaang-bayan. Sinabayan ito ng nakasasakal na inflation na pumuwersa sa aming mga maaaring mangibang-bansa at magtago ng salaping dayuhan, lalo na ng dolyar. Noong 1970, umabot sa 60 riel ang kapalit ng isang dolyar, at 2,000 naman noong 1975.

Kakatwang kaming mga propesyunal at intelektwal sa Phnom Penh ay naniniwala rin sa palagay ni Sihanouk na makabayan at hindi komunista ang mga rebelde. Dahil na rin ito sa mga hindi maikakailang pagkukulang ni Lon Nol. At totoo namang ang kanilang programa, na itinaguyod din ng United Front of Kampuchea ni Sihanouk na nakabase sa Peking, ay hindi bumanggit ng komunismo. Sa halip, gumagamit sila ng mga nakapagpapahinahong salita gaya ng "Ang mga mamamayang Cambodian," "Pambansang Kalayaan," "Kapayapaan," "Niyutralidad," " Kalayaan," at "Demokrasya".

Ako ma'y sumapi na rin sa oposisyon kay Lon Nol. Nagtatag ako ng organisasyong tinawag naming Bees Club, isang propesyunal na may magkakaparehong kaisipan – mga opisyal ng mga gobyerno, propesor sa unibersidad, mga opisyal, at ilang oposisyunistang pulitiko. Laban kami sa mga diktador, mga komunista at sa rehimen ni Lon Nol, ngunit wala kaming tintangkilik. Itunuturing naming ang mga Amerikano ay magkahalong biyaya – laban sila sa komunista pero sinusuportahan nila ang bulok at walang-silbing si Lon Nol. Ibig naming magkaroon ng isang pamahalaan na may pambansang pagkakaisa, at kung posible, isang koalisyong pamahalaan, kasama na ang Khmer Rouge.

Naniniwala akong higit sa lahat, bayani ang Khmer Rouge dahil marami akong kilalang nagtataguyod sa kanila at sumapi sa kanila. Ulit-ulit na sinabi ni Ama na nagkakamali ako dahil nakita at nakausap niya ang di mabilang na nagsitakas bago sila lumipat sa siyudad, kasama ang buong pamilya, noong 1972 madalas ko siyang sabihan noon na huwag mawalan ng pag-asa; iginigiit ko pang nabubulagan lang siya sa propaganda ng pamahalaan. Tutal, sabi ko pa, may sariling tauhan sa mga gerilya si Sihanouk at tiyak na hindi nila susuportahan ang mga taong pumapatay ng mga kababayan at naninira ng mga pagoda. Maaaring komunista ang iba, sabi ko, pero higit sa lahat, Cambodian silang gaya namin.

Noong mga unang araw ng Marso 1975, nagkaroon ng pala-palagay na magbabago ang pamahalaan; na pupuwersahin ng Khmer Rouge si Lon Nol na magbitiw, at inisip naming susundan ito ng maayos na pagtatag ng isang bagong rehimen. Kahit papaano, inakala kong magiging isa si Sihanouk sa solusyong pulitikal, kung ano man iyon. Ngunit noong ika-isa ng Abril, nahikayat na umalis si Lon Nol, at nawala ang huling sagabal sa pagkakaroon ng maaayos na kasunduan. Naiwan ang pamumuno ng gobyerno sa mga kamay ni Long Boret. Alam kong wala akong dapat ikatakot nang bumagsak ang dating rehimen. Isa lamang akong karaniwang inhinyero. Hindi namin kailangang umalis ng bansa. Hinintay ko ang pagtatapos ng digmaan at umasang magkakaroon ako ng bahagi sa pagbubuo ng bagong Cambodia.

Sa kakapalan ng tao, inabot ng dalawang oras bago namin nalakbay ang dalawang milyang distansiya papunta sa Psar Silep, isang residensiyal na lugar malapit sa ilog. Ito ang sentro ng siyudad, ang pinakamagandang bahagi ng Phnom Penh – malalapad ang mga kalyeng natatamnan ng mga puno at magkakahiwalay ng mga villa na istilong French colonial. Malaki ang pook na ito, may sapat na lugar para sa mga puno at halaman. Dito nakatira ang pinsan kong si Oan. Dalawang palapag ang bahay niya, protektado ng mataas na bakod na yari sa tisa at may pintuang bakal. Magandang tagpuan iyon dahil nag-iisa si Oan sa malaking bahay. May ilang linggo nang nakaalis ng bansa ang asawa't anak niyang lalaki, kasama ng kanyang mga biyenan.

Nang makapunta sina Anyung at mga biyenan ko sa bahay ng isang tiyahin, ipinasok ko naman ang Fiat sa kalsadang kinatatayuan ng bahay ni Oan. Nagulat ako pagkakita sa marami kong kamag-anak – si Oan at ang dalawa niyang kapatid na babae kasama ang kani-kanilang pamilya, ang aking dalawang kapatid na babae, dalawang lalaki at mga pamilya nila, at ang aming mga magulang – tatlumpo lahat. Naglapitan ang lahat sa amin, tuwang-tuwa nang makita kami. May isang oras na sila roon at nag-aalala na sa amin.

Nang nakikipaglaro na sa mga pinsan nila ang mga bata, naghanda ng pagkain ang mga babae. Gumagawa ang lahat maliban kay Vuoch na nakikipaghuntahan sa mga lalaki . Si Vuoch, dalawampu't isa, ang intelektuwal ng pamilya. Nasa ikatlong taon na siya sa unibersidad, nag-aaral ng inhenyera na pambihira para sa isang babaing Cambodian. Nakahiligan niya ang simpleng pananamit at mabigat na pagsasalita, wari'y determinadong takasan ang tradisyunal na papel ng babae at igiit ang sarili sa daigdig ng mga lalaki. Magiliw siyang gaya ng nakatatandang kapatid na babaeng si Keng kung nakikipag-usap sa aming ina, kay Any o sa mga bata, pero madaling mapako ang atensiyon niya sa mga usapang pampulitika.

May bukas na radyo sa isang mesa, pero walang balita, puro tugtog military. Tinanong ako ng kapatid kong lalaking si Theng kung ano sa palagay ko ang nangyayari sa bayan. Dalawang taon lang ang kabataan sa akin ni Theng, may asawa siya at tatlong anak, dalawang lalaki at isang sanggol na

babae.. Medyo bilib siya sa akin sa mga usaping pampulitika, hindi lamang dahil nakatatanda ako sa kanya, kundi dahil sa posisyon ko sa ministry. Titser siya sa primarya, nakatira sa mga magulang namin, at mas interesado sa basketbol kaysa pulitika. Bagay naman iyon sa katawan niya kaya mas napakikinabangan siya kung may mabigat na trabahong dapat gawin. A, sabi kong nakatitiyak, pag-uusapan siyempre 'yan ng mga opisyal ng magkabilang panig.

"E bakit hindi pa nila ibalita sa radyo?" sabat ni Vouh.

"Nakapagtataka nga." sabi kong hindi tumitingin sa kanya para makaiwas. "pero wala namang dapat ipag-alala. Hindi magtatagal at magkakaroon ng isang bagong gobyerno at muling mamumuno si Prinsipe Sihanouk.Makikita mo."

"At makabubuti sa kanyang huwag na niyang ulitin ang mga dating pagkakamali niya."

Bahagyang katahimikan ang nagdaan. Para maputol ito, may isang nagsabi. "Ano sa palagay mo, Sarun?"

Nagkatinginan kaming lahat. Kawawang Sarun. Titser siya doon bago maaksidente sa isang motorsiklo na ikinabagok ng kanyang ulo, dalawang taon na ang nakararaan. Hindi na siya katulad ng dati. Dati'y masayahin siya at mapaglaro, ngayo'y lagi siyang malungkutin at mainisin. Kadalasan ay mahiyain siya na parang bata, pero minsa'y galit na galit o nagsasalita ng mga bagay na walang kaugnayan sa pinag-uusapan. Sabihin pa'y naalis siya sa eskuwela, pero hindi maunawaan kung bakit. Ang hindi nagbago sa kanya'y ang pagmamahal niya sa asawang si Keng at sa limang-taong anak na babaing si Srey Rah.

"Ano sa palagay ko?" ani ni Sarun sa dating matamlay na ngiti. "Ewan ko . Pero kung mababalik si Sihanouk, siguro makukuha ko uli 'yung dati kong trabaho. Ano sa palagay mo Thay?'

Naniniwala siyang naging biktima siya ng isang sabwatan at hindi makabubuting pag-usapan pa ang tungkol doon. Ngumiti ako't nagkibit-balikat.

"Ano ang inginiti-ngiti mo riyan, Thay?" tila nanunumbat ang boses ni Keng mula sa kusina. "Siguradong mababalik sa trabaho si Sarun pag maayos na ang lahat. Sarun, dear, puwede bang tawagin mo na si Srey? Maghahain na kami."

Bilib kaming lahat kay Keng. Mapalad si Sarun dahil sa kanyang katapatan at pangangalaga.

Noon dumating ang pinsan kong si Sim. Nakangisi siya na para bang kababalik lang mula sa pamamasyal sa buong bayan.

"Sim!" tawag ni Oan nagulat na gulat. "Ba't nag-isa ka? Nasa'n ang mga magulang mo?"

"Wala pa ba sila dito? Akala ko'y …" napahinto siyang nakasimangot.

"Halika na, Sim," sabi ng tatay ko na kilalang-kilala si Sim mula pagkabata. Disiotso na si Sim at nasa haiskul, pero hindi siya matalino. Wala siyang ginawa kundi maglakwatsa kasama ng mga kaibigan.

"Akala ko'y naririto na sila, tiyong. Nanood ako ng nasusunog na bahay, tapos, hindi ko sila makita kaya nagpunta na 'ko rito. Aalis uli ako't hahanapin ko sila."

"Loko ka ba, tumigil ka na lang dito. Hindi sila maaano. Peligroso nang lumabas uli."

Doon nga kami pumirimi, paupu-upo kahit saan, pakain-kain ng kanin, ulam at prutas na inihanda ni Any at ng iba pang nasa kusina. Pinag-usapan namin ang mangyayari sa kabila ng ingay ng mga nagsisitakas sa labas at ng tugtog ng radyo. Inulit o nananahimik lang ang iba. Kapag tutol si Theng, lalong maraming angal ang isa ko pang kapatid na si Thoeon. Hindi siya lumaki sa amin, Nakisama siya sa kanyang mga biyenan, kaya medyo malayo ang kanyang loob. Sumasali rin sa usapan si Vouch. Samantala'y nanonood lang si Any, tahimik at minamasdan kung sino ang nagsasalita, na karaniwan niyang ginagawa kapag maraming tao. Bahagya ring sumasali si Oan kahit nasa bahay niya kami. Mayaman nga siya pero hindi siya gaanong matalino. Sinuwerte siyang makapag-asawa ng may-kaya – may-ari ng ilang sinehan ang biyenan niyang lalaki.

Ngunit hindi madaling papaniwalaan ang aking ama. Paulit-ulit ang babala niyang komunista ang Khmer Rouge. Mataas siya, malakas at may matatag na pagkatao, gayundin sa pangangatawan. Hindi siya masalita at inirerespeto siya sa kanyang paniniwala. Pero naiinis ako sa mga prediksyon niya. Narinig ko noon. Paulit-ulit ko nang nasabi sa kanyang walang dapat ipag-alala.

"Tsimis lang 'yan, tay, propaganda," sabi kong ipinahahalata ang pagkainis. "Wala namang binabanggit tungkol sa komunismo ang kanilang programa. Mayaman ang ating bansa. Hindi nila kailangang gumawa ng kalupitan para pakainin ng taumbayan."

Tumahimik ang aking ama. Ang aking ina naman ang nagsalita. Mukha siyang mahina, maliit, kung ikukumpara sa mga anak niyang babae. Buong buhay niya'y nagugol sa pag-aalaga sa pamilya sa nayon. Pero kung narinig mo siyang magsalita, mahuhulaan mong sa kanya nagmana si Vouch.

"Igalang mo naman ang tatay mo, Thay." Aniyang mahina pero matigas. "Nakausap namin ang mga taong nagsisitakas, napatay ang kanilang pamilya, sinunog ang kanilang mga bahay. Malupit ang Khmer Rouge . Komunista sila., gaya ng mga tauhan ni Mao sa China. Kapag sila ang namuno, katapusan na ng relihiyon natin. Kalimutan mo na ang kaligayahan."

"Ang inay naman!" sabi ko. "Anong komunista ang sinasabi n'yo? Iyong iba sa kanila siguro, pero alam nilang napakarelihiyoso ng mga Cambodian at mapagmahal sa buhay para tanggapin ang komunismo. Makabayan muna sila bago komunista. Susundin nila ang gusto ng mga tao." Alam kong tama ako. Mga tanging impormasyon ang ibinigay sa akin ng mga kakilala ko. Isa pa'y nakapangibang-bansa na ako't may malawak na pananaw. At ano'ng nalalaman ng mga magulang ko, na simpleng negosyante lang, tungkol sa tunay na sitwasyon?

May isang oras kaming nag-usap-usap. Maya't maya'y natitigil kami dahil sa sigaw ng mga bata at manaka-nakang pagsabog sa may kalayuan. Pagkatapos, nang bandang alas diyes, isang boses na noon lamang namin narinig ang nagpatigil sa tugtog-militar sa radyo: "Makinig kayo! Abangan ang isang importanteng pahayag!" napatigil ang lahat tinawag ang mga kamag-anak na nasa kusina at bakuran. Kinawayan ko si Any na mabilis namang pumasok matapos tingnan si Nawath na nakikipaglaro sa kanyang mga pinsan.

Namayani ang katahimikan.

Narinig sa radyo ang mahinang boses ng Patriarkong Budhista na si Huot Tat. Nagkatinginan kaming lahat at tiwalang napangiti. Hindi lamang siya ang may pinakamataas na awtoridad na panrelihiyon, ang simbolo ng katatagan; miyembro rin siya ng aming pamilya, amain ng aking ama.

Malapit ako sa kanya. Sinubaybayan niyang mabuti ang aking pag-aaral at dahil na rin dito kung bakit nakatagpo ako ng lakas na mag-aral ng Buddhismo noong estudyante pa ako. Waring angkop iyon sa aking mga asprirasyon at pagkatao. Nakasalalay sa sarili ang kaligtasan, turo ni Buddha.

Walang magagawa ang Diyos kung di ka magkukusa. Lahat ng kabutihan at kasamaan ay magbubunga, maaaring sa buhay na ito o sa susunod, ngunit laging malaya ang taong paunlarin ang sarili, magpakabuti, pagandahin ang ugali, sa pamamagitan ng pagdarasal na patnubayan siya at bigyan ng malinaw na pananaw sa paggawa ng mabuti, at mahusay na paggamit ng kakayahan at talinong kaloob sa kanya. Natitiyak kong nagawa ko ang pinakamabuting magagawa ko, maraming salamat sa impluwensya ni Huot Tat.

Kaya tulad ng iba'y sabik akong marinig ang sasabihin ng matanda, marahil ay mas sabik pa – at makatagpo ng katiyakan sa sasabihin ng kagalang-galang na matandang hindi mapag-aalinlangan ang kalagayan, na ang patnubay ay tiyak na kakailanganin ng bagong rehimen
.

"Huwag kayong mag-alala," sabi niya. "Itigil na ang labanan. Darating na ang kapayapaan. Nakaraan na ang ating bansa sa isang mahirap na pagsubok. Kailangang muli natin itong." Iyon lamang, at iyon lamang naman ang kailangan.

Pagkaraa'y isa pang boses ang narinig. Kay Heneral Mey Sichan iyon, ang puno ng sandatahang lakas ng Republikano. "Dapat nang sumuko ang lahat ng sundalo." sabi niya, "para maiwasan ang pagdanak ng dugo samanatalang ipinagpapatuloy ang pakikipagnegosasyon sa ating mga kapatid."

Tapos na ang lahat, naisip ko. "Mabuti," bulong ko kay Any sabay yakap. Lumuwag ang pakiramdam naming lahat.

Ngunit ilang sandali at natabunan ang boses ng heneral ng di maunawaang ingay. Pagkaraa'y isa pang boses ang sumagot, mas malakas na parang may umagaw sa mikropono. "Ang digmaan ay naipanalo sa pamamagitan ng sandata, hindi ng negosasyon! Sumuko na ang mga puwersa ng gobyerno! Nanalo ang mga rebelde! Tapos na ngayon ang digmaan!"

Pagkaraa'y nakatatakot na katahimikan. Walang musika, lahat ay natigil. Nawala ang mga ngiti namin. May nagpatay at muling nagbukas ng radyo, tinesting. Wala. Naglalakihan ang mga matang nagkatinginan kami.

Sa katahimikan, namalayan ko ang tinig ng mga tao sa kalye, at ang ingay ng mga makina. Panatag kaming nakakulong sa bahay, gayundin ang mga kapitbahay. Pero sa labas, libu-libong mga tao ang nagsisiksikan patungo sa sentro ng Phnom Penh. Saan sila pupunta? Naipalagay ko lang na tutuloy sila sa mga pagoda, sa mga unibersidad o sa bakuran ng mga gusaling pampubliko, hanggang sa matapos ang labanan.

Isang oras ang lumipas. Patuloy na naglaro ang mga bata samantalang mahinang nag-usap-usap ang matatanda. Pagkaraa'y narinig namin ang sigaw ng pagsasaya sa kalayuan. Tumalong palabas ng bakod si Sim para alamin kung ano ang nagyayari, pagkatapos ay mabilis siyang bumalik at sumigaw, "Ang mga Khmer Rouge!"

Talaga nga palang tapos na. Nagmamadali naming binuksan ang pinto para manood.

Sa buong paligid, nagbitin ang mga puting tuwalya, kumot, damit at anumang puting maiwawagayway ng mga tao. Nagsimulang dumami ang mga tao sa kalye, palayo sa amin. Isang uri ng prusisyon ang wari'y panonoorin nila sa Preah Monivong, isang pangunahing kalyeng nagmumula sa timog at kumukrus sa tabing kalye namin, may ilang yarda ang layo...Matapos isenyas kay Any na bantayan ang mga bata, nakipagsiksikan ako sa mga taong nasa harap kasama ang iba pa. Noon ako unang nakakita ng mga sundalong Khmer Rouge.

Malinis ang kalye, lahat ng tao ay nakatayo sa bangketa. Sa gitna ng kalsada, isa-isang naglalakad ang mga sundalong noon ko lamang nakita, nahahati sa pangkat ng tig-lilimampu. Lahat sila ay nakaunipormeng itim na tila padyama ang yari, walang dekorasyon pero maayos na nakabutones. Nakasumbrerong Intsik sila at sandalyas ng Ho Chi Ming na yari sa gulong ng kotse. Ang ilan ay may dalang AK47, ang iba nama'y mga rocket launchers. Lahat sila'y may tsekerd na kramar – mga bandanang nakapalupot sa kanilang leeg o sumbrero. Hindi sila sa unahan ng linya, walang kangiti-ngiti. Lahat sila'y mukhang wala pang disiotso anyos. Ang tanawing ito ay magiging pamilyar pagkaraan sa buong mundo sa pamamagitan ng mga retrato at pelikula, ngunit ni wala kaming babala kung ano ang itsura nila.

Hindi ako nabigla o nangamba; gayunma'y nakadama ako ng pag-aalala sa katigasan ng mukha ng mga kabataang sundalo, lalo na ng makita ko ang magandang pagtanggap sa kanila ng mga tao. Nagpapalakpakan at walang takot na sinundan ng mga tao ang hanay ng mga sundalo, ngunit ang kasabikan at kasiglahan nila'y walang epekto sa mabalasik na mga kabataan. Nakatanaw lamang sila sa malayo, walang damdamin, blangko, parang mga robot.

Ngunit masyado kaming nasisiyahan para bigyang pansin ang kanilang inuugali. Tapos na ang giyera. Ni hindi kami nasaktan. Kaya nagyayakapan ang mga tao at nagwawagaywayan ng mga puting tela. Sa halip na matakot, kaming lahat ay nagtiwala sa kawalang – pakialam ng Khmer Rouge.

Minsan lang akong ninerbyos. Isang trak ng militar na minamaneho ng isang sundalong Republikano ang biglang lumitaw sa daan, pauwi na siguro at natutuwang tapos na ang labanan. Isang Khmer Rouge ang sumenyas at nag-utos na siya'y bumaba. Mabilis na tumalon at tumakbong palayo ang lalaki ngunit maagap siyang hinabol at nahuli ng isang Khmer Rouge na may kipkip na baril. Isinalya nito sa pader ang sundalo at tinutukan ng ripple. Pagkaraa'y mahinahon nitong inutusan ang sundalong hubarin ang kanyang uniporme at iwan ang sasakyan. Sumunod naman ang lalaki at lumayo na ang Khmer Rouge. Muli akong nakahinga, mas nakasisigurong maayos ang lahat.

Masaya kaming bumalik sa bahay ni Oan, nagbibiruan, nagkukuwentuhan, nagpaplano. Sabi ko'y iuuwi ko na ang aking pamilya. May ibang nagsabing pupunta sila sa tabing-dagat at magsaya. Mukhang pabalik na sa normal ang lahat. Sakay ng kanilang Austin, dumaan sa bahay ang mga magulang ni Any para sabihing babalik na sila sa kanilang bahay. Kami man ay paalis na ng sabihin ni Oan, "Bakit hindi pa kayo rito mananghalian?" Bakit nga ba hindi. Matitingnan naman ng mga biyenan ko ang bahay namin habang wala pa kami. Naglalaro ang mga bata sa bakuran. Mag-aalas onse pa lamang, walang dahilan para magmadali. Naiwan kami, masayang nag-uusap.

Nananghalian kami at nag-iisip ako kung papasok na ako sa trabaho kinabukasan, nang isang lalaki ang dumating. Halos hindi makahinga. Siya ay katiwala sa bahay ng mga biyenan ni Oan

na nakatira may isang milya ang layo, sa gawing dinaanan ng Khmer Rouge. Ipinagkatiwala nila sa taong iyon ang bahay nang umalis sila sa Cambodia kasama ang asawa at nag-iisang anak ni Oan. Nakatayo ito ngayon sa may pintuan, takot na takot at gulung-gulo ang ayos. "Pinalayas kami ng mga Khmer Rouge sa aming bahay! Pinagsabihan kaming umalis ng siyudad!" sabi nitong halos hindi makapagsalita. "Ano'ng gagawin ko?"

Agad nagbago ang pakiramdam namin. Nahinto kami sa pagkain at pinagtatanong siya:

"Sigurado ka ba?"

"Bakit?"

"Baka nagkamali ka lang ng pag-intindi?"

"Wala kaming narinig na sinabi nilang gano'n."

Nagbibiro ba siya? Mag-alisan kami, parang hindi kapani-paniwala!

Kailangang malaman namin ang totoo kaya nagtanong kami sa mga kapitbahay para malaman ang mga pangyayri. Sila ma'y nakarinig ng mga usap-usapan sa ebakwasyon. Pero walang balita sa radyo parang nakabubuhay ng loob ang kawalan ng opisyal na babala.

Hindi namin alam ang mga gagawin. Aalis ba kami sa bahay ni Oan? Desperado na kaming makasagap ng impormasyon para makapagplano. Iminungkahi kong konsultahin namin ang aming amain, ang Patriarkang si Huot Tat na nakatira sa Onalon Pagoda sa tabi ng ilog dalawang milya ang layo . Tiyak na alam niya kung ano ang nangyayari. Hihingi kami ng payo sa kanya, makakukuha rin kami ng proteksiyon.

Wala nang makaisip kung ano ang mga mabuting gawin. Sumakay kaming lahat sa tatlong kotse – sa aking Fiat, sa Puegeot ng aking kapatid na si Theng, at sa Mercedez Benz ni Oan. Muli, napasama kami sa mabagal na prusisyon ng mga tumatakas. Nagsisikip pa rin ang mga kalye. Napasama na sa mga papunta sa sentro ng bayan ang mga taong pinalayas sa kanilang mga bahay. Tila tulala ang lahat ngunit walang kaguluhan o ingay, isang pulutong lamang ng mabagal na umuusad patungo sa kung saan, mga taong naglalakad, nagbibisikleta, sakay ng trishaw, at mga kotse. Paminsan-minsa'y isang putok ang nariring mula sa kalayuan. Ang mga ganitong pagunita sa labanan ay nagpaalisto sa amin dahil hindi namin alam kung sino ang binabaril nino. Kakatwang agad-agad ay naging masunurin at magalang ang lahat, maingat na sinusunod ang tuntunin sa daan, takot waring makaaksidente, takot waring mapansin.

Nang sumunod na isang oras, minsan lamang akong nakakita ng Khmer Rouge, nang lumabas sa katabing kalye ang tatlumpu sa kanila, tahimik na nagmamartsa sa isang hanay sa gitna ng daan, hindi alintana ang mga taong nakapaligid sa kanila. Pinaraan sila ng mga kotse at mga taong nagdaraan. Nagmartsa sila nang hindi kami pinapansin, wari'y iniiwasang mahawa sa amin.

May sariling bakuran ang pagoda ng Patriarka. Isa iyong mataas, dalawang-palapag na templong may bubong na tisang kulay dilaw. Nakatayo iyon sa tabing-ilog, tumutunghay sa pinagtatagpuan ng ilog ng Mekong at Tonle Sap. Sa paligid niyon, kasama ng mga puno at hardin ng

mga bulaklak ay ang tirahan ng mga monghe. Ipinarada namin ang mga kotse, dinala ang mga bata at nagpunta sa bahay ng Patriarka. Matapos kaming ituro sa isang malaking bulwagang puno na rin ng may isandaang katao, ilan sa amin – ang mga magulang ko, ako, si Oan, at ang mga kapatid kong lalaki – ang nagpunta sa tanggapan ng Patriarka.

Kakatwang malakas pa ang Patriarka sa kanyang walumpu't limang taon, matatag na nakataas ang ulo niyang ahit, at mukhang bata pa ang malapad niyang mukha. Nakasuot siya ng robang dilaw na hantad ang isang balikat, at napaliligiran ng mga monghe at sibilyan. Malinaw na maraming tao ang nag-isip nang katulad namin, ang magpunta sa pagoda para malaman kung ano ang awtoridad ng Patriarka. Sa kauna-unahang pagkakataon, napagtanto kong naipit kami.

Tinangka kong tawagan ang mga biyenan ko at si Anyung sa bahay. Walang sagot. Wala kaming magawa kundi maghintay. Nagpalakad-lakad ako, pilit na pinapayapa ang loob ni Any sa pagsasabi ng tungkol sa mga tawag at sa pamamagitan ng bahagyang pakikipag-usap sa mga bata. Masasaya naman ang mga anak ko, nakikipaglaro sa mga kasing-edad nila.

Nang magtakip-silim, mga alas sais, dumating ang kinatawan ng Patriarka. Sinundan ko siya habang nakikipagsiksikan sa karamihan ng mga tao patungo sa Patriarka, na nagtaas ng kamay para patahimikin ang lahat. Pinilit kong basahin kung may magandang mensahe sa kanyang mukha, ngunit blangko iyon.

Sabi niya'y maraming mga nakatataas na opisyal na Republikano at mga ministro sa miting; naroon din ang Prime Minister na si Long Boret. Naupo ang monghe sa tabi ng isang opisyal ng Khmer Rouge na nakipag-usap naman sa kanya nang buong galang. Pinuri ng opisyal ang mga kabutihan ng Khmer Rouge at sinabing naisasagawa na ang muling pagtatatag ng bansa sa tulong ng mga dating opisyal, intelektuwal at teknisyan. Nang itanong ng isang monghe ang tungkol sa ebakwasyon, umiling ang opisyal. Wala raw kabuluhan ang ganoong utos. Bakit daw inuutos ang pagpapalikas ng mga taong may malakas na pangangatawan gayong kakailanganin sila sa pagsasaayos ng ekonomiya? "Sabi niya sa akin: nasa iyo ang aking palabra de honor, wala akong narinig na ganoong utos. Isa lamang iyong maniobra ng imperyalista. Ibig lamang nilang matakot ang mga taumbayan."

Nakahinga ako nang maluwag at ibabalita ko kay Any na hindi totoo ang usap-usapan ukol sa ebakwasyon, ngunit marami pang nagsisilikas ang dumating sa pagoda at nagsabing patuloy pa rin ang pagpapaalis sa mga tao. Tumindi ang aking pag-aalala. Alinman sa nagsisinungaling o walang nalalaman ang opisyal. Tumanggi ang monghe nang tanungin ni Oan, hindi raw maaaring magsinungaling ang opisyal. Ngunit maaari ring wala siyang nalalaman.

Sumapit ang gabi. Muli kong tinawagan ang mga biyenan ko pero wala pa ring sagot. Nakikini-kinita ko ang pangit na larawan: ang mga magulang ni Any at ang kapatid niyang si Anyung, kasama ng agos ng mga nagsisilikas, hindi malaman kung saan patungo. Sinulyapan ko siya para pumayapa ang kanyang loob.

Dahil sa matinding pagod at pag-aalala, nakatulog kami sa mga banig na inilatag sa baldosang sahig ng pagoda – lahat kaming tatlumpu na nahahati sa iba't ibang pamilya. Kakatwang pati ang mga bata, pati na si Nawath, ay naging masunurin sa aming kakaibang kalagayan at kalituhan. Ibinalot ko ang aking ilang damit at binuksan sa Voice of America sa Cambodia para makibalita.

Wala. Pinatay ko ang radyo, pero hindi ako makatulog. Manaka-naka ang dating at alis ng mga taong naghahanap ng matutulugan, at bawat dumating ay nagpapatotoong patuloy ang ebakwasyon. Daan-daan ang nagsisiksikan sa pagoda at bakuran nito, habang libu-libo naman ang mabilis na papalabas ng bayan.

Nang natutulog na kaming lahat – mga alas nuwebe siguro ng gabi – isang opisyal ng Khmer Rouge na may hawak na pistola ang pumasok. Mga kasing edad ko siya mga treinta anyos. Sa masakit na liwanag ng mga bombilya, naghihinalang tiningnan niya kami, nakatutok ang baril sa mga natutulog na parang may inaasahang lalaban sa kanya. Pagkaraa'y nakita niya ang anim na bisikleta at tatlong motorsiklong nakaparada sa may pintuan.

"Kanino ang motorsiklong ito?" sigaw niya. Walang sumagot. Isinuksok niya ang baril at pinuntahan ang mga bisikleta. Isang asul na Honda na mukhang bagung-bago ang kinuha niya. Nakakadena ito sa dalawa pang motorsiklo. Dalawang beses niyang sinabi: "sino ang may-ari ng motorsiklong ito?" At pagkaraan, "Kailangan ito ng Angkar!"

Angkar – ang Organisasyon: iyon ang kauna-unahang pagkakataon na narinig kong ginamit sa ganoong paraan ang salitang iyon.

Wala pa ring nagsalita. Inihiga ng opisyal ang motorsiklo, inilabas ang kanyang baril at itinutok sa kadena. Dalawang beses siyang nagpaputok, magkasunod. Naputol ang kadena. Nakatatakot ang pagpunit ng mga putok sa katahimikan, lalo't iisiping, ilang saglit pa, sakay ng motorsiklong umalis ang opisyal, iniwan kaming natitigilan. Tiningnan ko si Any. Sinenyasan ko siyang manahimik.

Makailang sandali'y ibinulong sa akin ni Any, "Paano niya nagawa ang gano'n?"

"Ano'ng magagawa natin?" sagot ko.

Isang matagal na tingin ang ipinukol sa akin ng aking ama.

"Siguro naman, hindi lahat sila'y gano'n," nagtatanggol na sabi ko sa kanya, pabulong din.

Labinlimang minuto pagkatapos, dalawa pang sundalo ang dumating at walang imik na kinuha ang dalawa pang motorsiklo.

Naging maliwanag sa akin at sa lahat ng naroon, na hindi pagnanakaw o pang-aangkin lamang ang mga kilos na iyon. May kahalagahan ang Patriarka na higit pa sa kanyang kalagayang panrelihiyon. Iginagalang siya, maging sa pinakamalalayung kanayunan sa Cambodia, ngunit dito, sa isang iglap ay napanood namin ang tatlong taong parang hindi alam kung saan sila naroon, wala ni paggalang para sa Patriarka. Iyon ang unang babala na mawawasak na ang mabubuting kaugaliang taglay namin sa loob ng maraming dantaon.

Bago muling nakatulog, itinanong ng panganay naming si Sudath, "Kailan tayo uuwi, itay?" Hindi ako nakakibo. Si Any ang sumagot, "Matulog ka anak, uuwi na tayo bukas." Hindi ko na iyon mapaniwalaan, at siya man, sa palagay ko.

### 3. Linangin Mo…

#### a. Pagsusuring Panglinggwistika

Panuto: Piliin mo sa ibaba ang titik ng tamang sagot na tumutugon sa bisang iniwan ng mga salita sa pangungusap.

1. Halos tapos na ang limang taong lumalaganap na labanan sa pagitan ng mga rebeldeng Khmer Rouge ng Cambodia at ng gobyernong Republikano ni Marshal Lon Nol.

2. Ang kalyeng iyon, na isa sa maluluwang na lansangan sa Phnom Penh ay isang agos ng mga tao, kotse, bisikleta, trak, motorsiklo at ilang karetang puno ng tao at kagamitan.

3. Ikinarga ko ang mga bagahe sa aking Fiat, habang isinisigaw ang mga habilin sa kabila ng kaguluhan sa siyudad ratatat ng machine gun, pagsabog ng mga bomba sa malayo at patuloy na andar ng mga sasakyan.

4. Lihim na nakipagkasundo si Sihanouk na magamit ng mga North Vietnamese ang malalayong lugar sa silangang bahagi ng Cambodia sa paghahatid ng mga sundalo at armas sa South Vietnam na naging dahilan ng pagtuligsa ng Estados Unidos.

a. nadama ang emosyong naghahari sa mga tauhan dahil sa kaguluhan
b. naglalayong mag-iwan ng aral
c. nagbibigay-impormasyon tungkol sa bansang Cambodia
d. nakatulong sa pagbuo ng senaryo ng isang digmaan
e. nakapaghatid ng Cambodia sa digmaan sa Vietnam
f. nakapabigay-katwiran sa mga isyung pambansa

Nasagutan mo bang lahat? Maaari mong balikan ang katatapos na gawain kung sa iyong palagay ay di mo ito naunawaang mabuti.

Handa ka na ba sa susunod na gawain?

#### b. Pagsusuring Pangnilalaman

Panuto: Basahin mong mabuti ang mga pangungusap. Piliin mo ang titik ng tamang sagot.

1. “Mahihirapan tayo sa umpisa, pero magiging normal din ang lahat.” Ang paniniwalang ito ng pangunahing tauhan para sa akin ay pagpapakita ng

a. katapangan
b. kaplastikan
c. pagkukunwari
d. pagka di makatotohanan

2. “Kailangang kumilos kami agad para maiwasan ang labanan. Naniniwala akong ang pangunahing tauhan ay may

a. kapangyarihan upang matigil ang digmaan
b. magagawa upang masugpo ang digmaan
c. kakayahan upang makausap ang mga lider ng bansa
d. makikipag-usap sa mga kamag-anakan kung anong magagawa kaugnay ng digmaan

3. “Wala akong dapat ikatakot sa Khmer Rouge para sa akin, ang pangunahing tauhan ay
   a. nakikiisa sa mga Khmer Rouge
   b. may paniniwala sa Khmer Rouge
   c. higit na malakas kaysa sa Khmer Rouge
   d. di sasama sa Khmer Rouge
4. Magaling akong estudyante. At nang ako’y edad disisiete, ako ang pinakamahusay sa Matematika sa buong bansa. Naniniwala akong ang pangunahing tauhan ay
   a. may pagmamalaki sa kakayahan
   b. may himig pagyayabang
   c. nagmamalaki ngunit nagsasabi ng katotohanan
   d. mataas ang pagtingin sa sarili
5. Laban kami sa mga diktador, mga komunista at sa rehimen ni Lon Nol ngunit wala kaming tinatangkilik. Sa aking sariling interpretasyon, ang pangunahing tauhan ay
   a. may pinapanigan
   b. nagnanais ng matahimik na buhay
   c. pabor kay Sihanouk
   d. isang aktibista

Tiyak na nadalian ka sa katatapos na gawain. Bagama’t hiningi ang sarili mong interpretasyon, dapat na iba ito ayon sa binasang akda.

Higit mong mapahahalagahan at mauunawaang mabuti ang isang akda kung alam mo ang ilang mga prinsipyo, mga paniniwala, ideyang makatutulong sa pagpapaliwanag ng isang akdang pampanitikan. Ang tawag dito ay teoryang pampanitikan.

Ang teoryang bibigyang-diin sa akdang iyong binasa ay teoryang eksistensyalismo.

> Para sa iyong kaalaman, nakapokus sa pagbuo ng paninindigan ng tauhan ang akdang may pananaw na eksistensyalismo. Ipinakikita rito ang lakas ng kanyang mga kilos, sa pananalita at mga pagpapasyang gagawin. Anuman ang maging bunga nito, makakaya niya itong tanggapin.

Ang susunod mong gawain ay may kaugnayan sa teoryang eksistensyalismo. Isaalang-alang mo ang mga kaalamang natutunan tungkol dito. Madali lamang ito. Kailangan mo lamang ng masusing pag-unawa sa mga pangungusap na iyong babasahin.

Handa ka na ba? Simulan mo na.

### c. Pagsusuring Pampanitikan

Panuto: Isulat mo kung ang tinutukoy ng pagiging makapangyarihan ng tauhan ay batay sa <u>kilos</u> o <u>paninindigan</u>.

________1. “Katapusan na ito. Dalian mo Any ilang sandali na lang at darating na ang Khmer Rouge.”

________2. Pinuntahan ko ang aking mga magulang at nakipagkasundong magkikita-kita sa pinsan kong si Loan na nakatira sa malapit sa bayan, sandaling lumubha ang sitwasyon.

________3. Pinuno na namin ng gasolina ang lahat ng kotse. Wala kaming dapat gawin ngayon kundi mag-empake ng 2 maletang damit, mga alahas ni Any, mga naipon namin at aking mga dolyar.

______4. Ang posisyon sa Department of New Works and Equipment sa ministri ang nagbigay sa akin at sa aking pamilya ng proteksyon laban sa kahirapang pampulitika at pangkabuhayan bunga ng lumalaganap na digmaang-bayan.
______5. Ibig naming magkaroon ng isang pamahalaan na may pambansang pagkakaisa, at kung posible isang koalisyong pamahalaan, kasama na ang Khmer Rouge.

Kayang-kaya ba? Marahil ay nagamit mo ang iyong natutuhan kanina. Isang paalaala lang kaibigan, lagi mong tatandaan ang mga impormasyong pinag-aaralan. Magagamit mo ang mga ito sa susunod pang mga modyul.

Okay, ba iyon?



**d. Halagang Pangkatauhan**

Panuto: Piliin mo at lagyan mo ng star ( ☆ ) ang mga pagpapahalagang binigyang-diin sa akda.

______ 1. Pagiging matatag sa oras ng digmaan
______ 2. Pagiging mapagpasensya sa pagkakamali ng iba
______ 3. Pagiging mapagtiis
______ 4. Pagkakaroon ng tamang pag-iisip
______ 5. Pagiging matapang
______ 6. Pagiging maingat sa mga gamit
______ 7. Pagbuo ng desisyong pinag-isipang mabuti

Tingnan mo ngayon kung ano ang naging resulta ng iyong pagsagot sa mga gawain. Hingiin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sagot.

**4. Palalimin mo…**

Panuto: Iguhit mo ang larawang ito  kung sumasang-ayon ka sa mga nakatala sa ibaba. Kung hindi, ito ang iguhit 

1. Walang pinipili ang digmaan. Kahit sino ay maaaring mabiktima.
2. Ang pagkakaroon ng digmaan ay isang paraan upang mabawasan ang masasama sa mundo.
3. Ang pagkakaroon ng tamang takbo ng isipan at maingat na pagpapasya ay mahalagang taglayin ng bawat isa lalo na kung nasa krisis ang bansa.
4. Dapat na maging makapangyarihan ang isang bansa upang magtagumpay sa kanyang pananakop.
5. May mahalagang papel na ginagampanan ang mga namumuno ng bansa sa pagbuo ng magandang relasyon sa iba pang mga bansa.
6. Sa oras ng digmaan, mahalagang magkaroon ng katatagan ng loob sa anumang mangyayari sa pamilya.

Nagustuhan mo ba ang ating gawain? Iwasto mo muli ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto.

**5. Gamitin Mo...**

Panuto: Basahin mo ang tanong sa ibaba. Isulat mo ang hinihinging mga kasagutan.

Tanong: Paano kaya maiiwasan ang pagkakaroon ng digmaan sa mga bansa? Isulat mo ang tatlong solusyon sa suliraning ito.

1. ______________________________________________________________
______________________________________________________________ .
2. ______________________________________________________________
______________________________________________________________ .
3. ______________________________________________________________
______________________________________________________________ .

**6. Sulatin mo…**

Panuto: Bumuo ng mga tema/konseptong may kaugnayan sa akda gamit ang mga salitang nakatala sa ibaba.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. | digmaan | salot | kapayapaan | |
| 2. | nakasalalay | namumuno | bansa | ikasusulong |
| 3. | matatag | loob | krisis | bayan |

Naisagawa mo ba ang gawain? Kung nagamit mong lahat ang mga salitang nasa loob ng kahon sa pangungusap, tama ka. Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto upang malaman mo kung wasto ang iyong mga sagot.

**7. Lagumin mo…**

Panuto: Punan mo ang patlang ng tamang sagot.

1. Ang pagkakaroon ng matibay na paninindigan ni Pin Yathay sa oras ng digmaang-bayan sa Cambodia ang halimbawa ng teoryang______________________________ .
2. Ang tauhang simbolo ng katatagan ng loob sa gitna ng digmaan sa bansa ay si __________ .
3. Bansang napagitna sa dalawang bansang naghihidwaan ang ________________________ .
4. Nakatulong ng pangunahing tauhan upang harapin ang mabigat na krisis na hinaharap ng pamilya si ____________________________ .
5. Ang binasang akda ay isang halimbawa ng salin sa Filipino na________________________ .

Kunin mo muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto mo ang iyong mga sagot.

## GAANO KA NA KAHUSAY?

A. Panuto: Piliin mo sa ibaba ang titik ng tamang sagot na tumutugon sa bisang inihatid ng mga salita sa pangungusap.

1. Masigasig si Sihanouk na panatilihin ang magandang pakikipag-ugnayan sa kanyang makapangyarihang kapitbahay. Lihim siyang nakipagkasundo na magamit ng North Vietnamese ang malalayong lugar sa silangang bahagi ng Cambodia sa paghahatid ng mga sundalo at armas sa South Vietnam.

2. Nagkasakit ng hepatitis si Thary. Hindi siya gumaling. Namatay sila kapwa ng aming anak nang manganak siya.

3. Narinig sa radyo ang mahinang boses ng Patriarkang Budhista na si Huot Tat. Hindi lang siya ang pinakamataas na awtoridad na panrelihiyon, ang simbolo ng katatagan, miyembro rin siya ng aming pamilya, amain ng aking ama.

a. nagbibigay ng sanhi at bunga ng mga pangyayari
b. nagpapakilala sa pinagmulang angkan ni Pin Yathay
c. naglalarawan ng digmaang naganap
d. nagbibigay-kabatiran sa dahilan ng pagkakadawit ng Cambodia sa Vietnam
e. nagpapakita ng isa pang krisis na pinagdaanan ni Pin Yathay

B. Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.

4. Pero naiinis ako sa prediksyon niya. Paulit-ulit ko nang nasabi sa kanyang walang dapat ipag-alala para sa akin, ang tauhan ay

a. positibo ang pananaw
b. madaling mainis
c. ayaw nang paulit-ulit
d. may pagtatampo

5. Mayaman ang ating bansa. Hindi nila kailangang gumawa ng kalupitan para pakainin ang taumbayan. Ang interpretasyon ko dito ay

a. mayabang ang tauhan
b. makabayan ang tauhan
c. may himig pagmamalaki
d. matibay ang paniniwala

6. Nagpatuloy sa kabulukan at pagwawalang bahala ang administrasyon at sandatahang lakas. Ang tauhan dito ayon sa aking interpretasyon ay

a. waring naguguluhan sa nangyayari
b. waring natakot sa digmaan
c. labis na nalulungkot sa mga nangyayari
d. wala nang makitang pag-asa

7.-8. Piliin ang mga titik ng tamang sagot na tumutukoy sa pagiging makapangyarihan ng tauhan batay sa kanyang kilos at paninindigan.

a. Alam kong wala na akong dapat ikatakot nang bumagsak ang dating rehimen. Isa lang akong karaniwang inhenyero. Hindi namin kailangang umalis ng bansa.
b. Medyo bilib siya sa akin sa usaping pampulitika, hindi lamang dahil nakatatanda ako sa kanya.
c. Waring hindi natural ang pagkapasensiyoso ng mga nagmamaneho ng kotse na sumasabay sa lakad ng mga tao nang hindi bumubusina. Alam kong hindi ito nangyayari noong nagsisikip ang trapik sa Phnom Penh.
d. Nakarinig ako ng pagsabog. Umugong ang nepotismo o kabulukan sa pamahalaan.

9.-10. Sa mga sitwasyong makahaharap mo tulad ng krisis kaugnay ng suliraning pangkapayapaan sa bansa, mahalagang

a. umasa na lamang sa desisyon ng mga namumuno
b. may isang taong masasandigang buo ang loob
c. sumunod lamang kung ano ang mangyayari
e. positibo pa rin ang pananaw kasabay ang panalangin

Kung ang iskor na iyong natamo ay 7-10 maaari ka nang tumuloy sa susunod na modyul, kung 6 pababa isagawa mo pa ang susunod na gawain.

Subukan Mo!

**8. Paunlarin Mo…**

Panuto: Subukan mong bumuo ng dalawang tema mula sa binasang akda. Gamitin mo ang mga paksang nakatala sa baba.

A. Epekto ng digmaan sa mga mamamayan
B. Huwarang pamayanan

Susi sa Pagwawasto

Mabuhay ka, Anak ko

Ano ba ang alam mo?

A. 1. c
 2. a
 3. d

B. 4. c
 5. b
 6. a
 7.-8. a,b
 9.-10. c,b

1. Alamin Mo…
 1. u,g
 2. t,o
 3. i,e,r
 4. a,a,I
 5. b,t
 6. t,a
 7. e,o,s,m

3. Linangin Mo…

a. Pagsusuring panlinggwistika
 1. c
 2. a
 3. d
 4. e


b. Pagsusuring Pangnilalaman
 1.a
 2. d
 3. b
 4. c
 5. b

c. Pagsusuring Pampanitikan
 1. kilos
 2. kilos
 3. kilos
 4. paninindigan
 5. paninindigan


d. Halagang Pangkatauhan
 1. ☆
 2.
 3. ☆
 4. ☆
 5. ☆
 6. ☆

4. Palalimin Mo…

1.
2.
3.
4.



5.



6.

5. Gamitin Mo…
(Iwasto kung may sagot batay sa sariling opinion)

6. Sulatin Mo…
(Iwasto ang sagot kung nakabuo ng tema gamit ang mga salita.)

7. Lagumin Mo…
 1. eksistensyalismo
 2. Pin Yathay
 3. Cambodia
 4. Any
 5. nobelang Asyano

Gaano ka na kahusay?

A. 1. d
 2. e
 3. b

B. 4. a
 5. c
 6. c
 7.-8. a,b
 9.-10.